Ang Expiration ng dating Health Insurance Card ay matatapos na

Sa Pang medikal na Institusyon・Pharmacies Ipakita ang



Myna Health Insurance Card **o kaya ay ang** **Health Insurance Eligibility Certificate**



Kung ang dalang Health Insurance Card ay hindi alam na expired ay magagamit parin. Subalit, ang expiration nito ay matatapos na sa Hulyo 31, 2026. Kaya kung ito ay ginamit simula sa buwan ng Agosto, may posibilidad na pagbayarin nang buong halaga ng pagpapagamot.

Ano ang Myna Health Insurance Card?

Ang Myna Health Insurance Card (マイナ保険証 "maina-hoken-sho") ay My Number Card na rehistrado upang magamit bilang Health Insurance Card. Malalaman ang status ng pag rehistro sa Myna portal.



Paano gamitin ang inyong My Number Card bilang health insurance card

Hakbang 1: Mag-Aplay ng My Number Card

Mga pamamaraan ng pag-aplay:

A) Online
B) Sa pamamagitan ng Koreo
C) Sa ID photo booth sa inyong Purok Bayan

Maraming detalye ang matatagpuan sa multilingual My Number Card website.
https://www.kojinbango-card.go.jp/en-link/

HAKBANG 2: Irehistro ang inyong My Number card upang magamit bilang health insurance card

Mga Paraan ng pagrerehistro:

A) Sa resepsyon ng medical institution o pharmacy (na may card reader)
B) Sa Mynaportal
C) Sa Seven Bank ATM *Kailangan ng PIN

HAKBANG 3: Gamitin ang inyong My Number card sa pang medikal na institution o pharmacies

Paano ito gamitin:

A) Ilagay ang inyong card sa card reader na may facial recognition features
B) Patunayan ang inyong pagkakakilanlan (facial recognition, PIN)
C) Sumang-ayon sa mga tuntunin ng paggamit

MGA TANONG

Maaaring tumawag at gumamit ng ibang wika. Para sa detalye, mangyaring i click ang link sa ibaba.
https://www.kojinbango-card.go.jp/en-otoiawase/

Ano ang Health Insurance Eligibility Certificate?

Ang Health Insurance Eligibility Certificate (資格確認書 “shikaku-kakunin-sho”) ay binibigay sa mga taong walang Myna Health Insurance Card.

Ang laki nito, kulay at format (card, papel, o electronic) ay naiiba ayon sa insurance na magbibigay nito.



IMAGE

Paano makakakuha ng Health Insurance Eligibilty Certficate?

Inyong matatanggap ang sertipiko kahit hindi nag-aplay...

- Kung wala kayong My Number Card
- Kung mayroon kayong My Number Card subalit hindi pa ito naparehistro upang magamit bilang health insurance card
- Kung kayo ay nag-aplay na kanselahin ang inyong rehistro /kinansela ang inyong rehistro
- Kung ang sertipikong electronic ng inyong My Number Card ay napaso.
- Kung bago kayong sumali sa Pang matandang sistema ng Medical Care nang/matapos Disyembre 2, 2024, o kaya kung walang balidong Elderly Medical Care Card dahil sa paglipat, atbp. (pansamantalang hakbang hanggang katapusan ng Hulyo 2025)

Bibigyan kayo ng sertipikasyon sa oras mag-aplay...

- Kung kayo ay hirap sa paggamit ng My Number card sa Institusyong Medikal dahil kayo ay nangangailangan ng espesyal na konsiderasyon (mga matatanda, mga taong may sugnay na kapansanan, atbp.)at kayo ay nag-aplay na para sa Certificate of Eligibility (hindi kakailanganin ang pagre-renew nang aplikasyon)
- Kung naiwala ninyo ang inyong My Number Card o nasa paraan ng pagre-renew nito

Hindi ninyo kailangan na mag-aplay para sa sertipiko habang nagre-renew...

- Kung kailangan ninyo ng espesyal na konsiderasyon at nabigyan na ng Eligibility Confirmation Certificate sa oras ng aplikasyon (mga matatanda, mga taong may sugnay na kapansanan, atbp.)

MGA TANONG

Kung kayo ay mga katanungan, mangyaring kumontak sa inyong medical insurance provider. Kung kailangan ninyo ng pagsasalin, mangyaring kumontak sa Hokkaido Foreign Resident Support Center.



Nilikha base sa impormasyon ng Ministry of Health, Labour at Welfare website

Alam ba ninyo?

Ang petsa ng pagkapaso ng My Number card para sa mga banyagang naninirahan saJapan ay kapareho ng pagpasong petsa ng inyong residence status. Kapag tumanggap ng bagong residence card dahil sa pagre-renew ng inyong paninirahan, atbp., ang balidong panahon ng inyong My Number card ay hindi automatikong mapapahaba. Siguraduhing Kumpleto ang mga paraan na may kaugnayan!

Kami rin ay lumikha ng multilingual leaflet para sa mga pamamaraan ukol sa validity period nang inyong My Number Card, kaya huwag mag-atubili sa pagsiyasat!

https://www.hiecc.or.jp/soudan/info/detail.html?pid=8927241337679